Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA C[redacted]Z, LA[redacted]LA[redacted]A, NA IDINAOS SA BATASANG BA[redacted]A-10 NG[redacted]RE, 1997, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG [redacted]AGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE............ | PA[redacted]PU[redacted]NG BAYAN |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco.............. | [redacted]o |
| Kgg. Ariel T. Magcalas............. | K[redacted]d |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.. | K[redacted]ad |
| Kgg. Louie c. de Leon.............. | K[redacted]ad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez............ | K[redacted]ad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat......... | Ka[redacted]wad |
| Kgg. Bernardo E. Ison.............. | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas.............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco........... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor......... | Kagawad |

DI-DUMALO:

W A L A

## KAPASIYAHAN BLG. 230-T'97

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 79-T'97/KAUTUSANG BARANGAY BLG. 02-T'97 NG SANG. BARANGAY NG SANTO ANGEL SUR NA INILILIWAT ANG HALAGANG SAMPUNG LIBONG PISO (P10,000.00) NA NAKALAAN SA KOMUNIKASYON UPANG MAGAMIT SA PROGRAMANG PANGKALUSUGAN AT KALINISAN NG NABANGGIT NA BARANGAY.

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng Sangguniang ito ang Kap. Blg. 79-T'97/Kautusang Barangay Blg. 02-T'97 ng Sang. Brgy. Sto. Angel Sur na naglalayong makapagliwat ng halagang P10,000.00 na nakalaan sa komunikasyon upang magamit sa programang pangkalusugan at kalinisan ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** matapos na ito ay masuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet at mapatunayang hindi ito sumisinsay sa mga batas at regulasyong napapaloob sa pagbabadyet ay inirekomenda ng Lupon sa Pananalapi na pagtibayin ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ariel T. Magcalas, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Heidi S. Ciriaco, Bernardo E. Ison, Celestino D. Pamatmat, Ricardo B Ramirez at Louie C. de Leon at sa pagsang-ayon ng iba pang kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang Kap. Blg. 79-T'97/Kautusang Brgy. Blg. 02-T'97 ng Sang. Brgy. Sto Angel Sur na inililiwat ang halagang P10,000.00 na nakalaan sa komunikasyon upang magamit sa programang pangkalusugan at kalinisan ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayan Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

ENRIQUE R. BAUTISTA
Punong Bayan